



PATNUBAY SA MISA



28 Nobyembre 2021

Unang Linggo ng Adbiyento

Taon K

Adbiyento: Panahon para Isipin ang Hinaharap nang may Pag-asa

Nagsisimula tayo ngayon ng isang bagong taong liturhiko. Ngayong Adbiyento, habang ipinahahayag natin ang panampalataya sa maluwalhating pagdating ng Panginoon sa wakas ng panahon at habang inihahanda natin ang ating mga puso para sa pagdiriwang ng kadakilaan ng Pasko, ipinaaalaala rin ang tuwinang pagdating ni Kristo sa ating buhay sa pamamagitan ng mga sakramento at ng ating kapwa.

Ngayon ding huling linggo ng Nobyembre ang simula ng bagong "Taong Liturhiko K." Ito ay ang panahon kung saan, sa ilalim ng pamamatnubay ng Ebanghelyo ni San Lucas, tayo'y makikilahok ng may pasasalamat sa pagtatapos ng pagdiriwang ng ika-500 taon ng matagumpay na pagpapahayag ng Ebanghelyo sa ating bansa.

Ito din ay magiging taon kung saan taimtim nating papanibaguhin ang ating pangakong maging isang bansa ng mga "MISYONERONG ALAGAD" sa pangalan at gawa.

Ito nawa ay maging pangunahin nating intensiyon sa pagdiriwang na ito ng Eukaristiya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa iyo'y nananawagan akong walang alinlangan, ikaw ay maasahang tagapagligtas na tunay sa aglahi ng kaaway.

Pagbati

P– Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Natitipon dito bilang pamilya ng Diyos ngayong unang Linggo ng Adbiyento, buong pananalig

nating hilingin ang pagpapatawad ng Panginoon, pagkat siya'y magiliw at mahabagin. (*Manahimik saglit.*)

P–Panginoong Hesus, ginaganyak mo kaming maging maingat, ngunit malimit kaming umasal na parang di ka kailanman darating. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, kumakatok ka sa aming mga puso para ikaw'y papasukin, ngunit wari kaming di makarinig. Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, ginaganyak mo kaming tumugon sa pangangailangan ng aming kapwa, ngunit nagkukunwari kaming di nakikita ang kanilang pangangailangan

at di nadidinig ang kanilang paghingi ng tulong. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, bigyan mo kami ng paninindigang tumahak sa landas ng kabutihan. Sa pagdating ni Kristo, makasalubong nawa kaming may mabubuting gawa upang kapiling niya sa gawing kanan kami ay makapisan sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

This issue of *Patnubay sa Misa* may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word & Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and email address for proper acknowledgment. Thank You!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Jer 33:14-16

Sa maraming siglo, mula pa nang panahon ni David, ang bayang Israel ay naghintay sa pagdating ng Mesiyas na inapo ni David, gaya ng pangako ng Diyos. Taglay ng maikling sipi para ngayon ang gayong pangako.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

Sinabi pa ng Panginoon, “Dumarating na ang araw na tutuparin ko ang aking pangako sa Israel at sa Juda. At sa panahong iyon, pasisibulin ko ang matuwid na sanga ni David. Pailiralin niya ang katarungan at ang katwiran sa buong lupain.

Sa mga araw ring iyon, maliligtas ang mga taga-Juda at mapayapang mamumuhay ang mga taga-Jerusalem. At sila’y tatawagin sa pangalang ito: ‘Ang Panginoon ang ating katwiran.’”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 24

B – Sa’yo ako’y tumatawag, Poong D’yos na nagliligtas!

R. M. Velez

Sa 'yo a---ko'y tuma---tawag,
Po-ong D'yos na nag-li-lig-tas!

* Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, ituro mo sana sa aba mong lingkod; ayon sa matuwid, ako ay turuan, ituro mo, Poon, ang katoohan; tagapagligtas ko na inaasahan. **B.**

* Mabuti ang Poon at makatarungan, sa mga salari’y guro at patnubay; sa mababang-loob siya yaong gabay, at nagtuturo ng kanyang kalooban. **B.**

* Tapat ang pag-ibig, siya’ng umaakay sa tumatalima sa utos at tipan. Sa tumatalima, siya’y kaibigan, at tagapagturo ng tipan n’yang banal. **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Tes 3:12-4:2

Matibay ang paniwala sa na-

lalapit nang ikalawang pagdating ni Hesus, lalo na ng mga taga-Tesalonica. Ang gayong paniwala ay may mga implikasyon ding moral, ayon kay San Pablo sa sumusunod na magandang panalanging nababagay sa pag-sisimula ng Adbiyento.

L – Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Tesalonica

Mga kapatid: Palaguin nawa at pag-alabin ng Panginoon ang inyong pag-ibig sa isa’t isa at sa lahat ng tao, tulad ng pag-ibig namin sa inyo. Kung ito ang mangyayari, palalakasin niya ang inyong loob. Sa gayon, kayo’y mananatiling banal at walang kapintasan sa harapan ng ating Diyos at Ama hanggang sa muling pagdating ng ating Panginoong Hesus, kasama ang mga hinirang niya.

Isa pang bagay ang ipinapayo namin sa inyo sa pangalan ng Panginoong Hesus. Sana’y lalo pang pagbutihin ninyo ang pamumuhay ninyo ngayon – pamumuhay na ayon sa inyong natutuhan sa amin – upang kayo’y maging kalugud-lugod sa Diyos. Batid naman ninyo ang mga aral na ibinigay namin sa inyo buhat sa Panginoong Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Alaluya Awit 84:8

B – Alaluya! Alaluya!
Pag-ibig mo’y ipakita,
lingapin kami tuwina,
iligtas kami sa dusa!
Alaluya! Alaluya!

Mabuting Balita Lu 21:25-28.34-36

Ang sipi ng Ebanghelyo ngayon ay tumutukoy sa pagda-ting ng makapangyarihang Kristo bilang Hukom ng lahat. Ang ikalawang bahagi ay naglalarawan kung paanong dapat maghanda ang mga mananampalataya para sa dakilang pagdating na pagbabatayan ng kanilang kapalarang walang hanggan.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon: Sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Magkakaroon ng mga tanda sa araw, sa buwan, at sa mga bituin. Sa lupa, ang mga bansa ay masisindak at malilito dahil sa ugong at mga daluyong ng dagat. Ang mga tao’y hihimatayin

sa takot dahil sa pag-iisip sa mga sakunang darating sa sanlibutan; sapagkat mayayanig at mawawala sa kani-kanilang landas ang mga planeta at iba pang katulad nito na nasa kalawakan. Sa panahong iyon, ang Anak ng Tao’y makikita nilang dumarating na nasa alapaap, may dakilang kapangyarihan at malaking karangalan.

Kapag nagsimula nang mangyari ang mga bagay na ito, magalak kayo sapagkat malapit na ang pagliligtas sa inyo.

Mag-ingat kayo na huwag magumon sa katakawan at paglalasing at mabuhos ang inyong isip sa mga intindihin sa buhay na ito; baka abutan kayo ng Araw na yaon na hindi handa. Sapagkat darating iyon nang di inaasahan ng tao sa buong daigdig. Kaya’t maging handa kayo sa lahat ng oras. Lagi ninyong idalangin na magkaroon kayo ng lakas upang makaligtas sa lahat ng mangyayaring ito at makaharap sa Anak ng Tao.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Ipinaaalaala sa atin ngayon ng

Salita ng Diyos ang pagdating ni Kristo bilang ating hukom, at kung paano tayo dapat maghanda sa pagharap sa kanya. Buong kaba-baang-loob nating ipanalangin ang biyayang pagsalubong sa kanya nang may malinis na konsiyensiya at pakumbabang pananalig. Maging tugon nati'y:

B–Panginoon, pabalanin mo kami!

* Para sa Simbahan: Nawa siya'y maging mabisang paalaala sa buong mundo na ang Panginoon ay tuwinang dumarating sa atin sa katauhan ng lahat ng humihingi sa atin ng tulong. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, mga Obispo, at mga pari: Sa pamamagitan ng kanilang halimbawa, sila nawa'y maging inspirasyon sa buong Simbahan, sa pagiging laging handang sumalubong kay Hesus. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng magulang at guro: Ituro nawa nila sa kanilang mga anak at estudyante kung paanong makita si Hesus sa kanilang kapwa at salubungin siya sa kanila. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga Kristiyanong inuusig dahil sa kanilang pananampalataya: Nawa sila'y manindigan at di panghinaan ng loob, sa tulong ng panalangin at suporta ng lahat ng mga bansa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga malapit ng mamatay: Nawa sila'y maging handang humarap sa Panginoon ating Hukom, lubos na nagsisisi sa kanilang mga kasalanan at pakumbabang nagtitiwala sa kanyang awa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat: Nawa mamuhay tayo sa bagong taong liturhikong ito na bukas para sa inspirasyon ng Panginoon, handang gawin ang kanyang kalooban at sa ganon ay makapag-ambag sa pagtatatag ng kanyang Kaharian. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoong Hesus, pinanabikan namin ang iyong pagdating nang buong pananalig at pag-asa. Itulot mong buong puso ka namin

salubungin at makibahagi kami sa iyong kaligayahan magpakailanman.

B–Amen!



P–Manalangin kayo. . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga alay na ikaw rin ang nagbigay. Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan na ngayon pa man ay amin nang pinakikinabangan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

Prepasyo ng Adbiyento I

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B–Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay

bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B–Ama namin. . .

P–Hinihiling namin. . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B–Kordero ng Diyos. . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P–Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Tunay na pauunlarin ng Poon ang buhay natin. Ang halamang nakatanim sa bukid nati't lupai'y magbubunga't aanihin.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa namin ang aming pinagsaluhan upang sa aming paglalakbay dito sa lupang papanaw, aming mapanaligan ang iyong pagpapalang pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

–Dalisayin nawa ng Panginoon ang inyong mga kalooba't isipan.

B–Amen!

P–Gawin niya nawa kayong mga kasangkapan ng pagbabago sa Simbahan at sa lipunan.

B–Amen!

P –Ang banal na panahon ng Ad-biyento nawa’y maging taga-paghatid ng pagpapakahusay at katahimikan para sa inyong lahat.

B –Amen!

P –Pagpalain nawa kayo ng maka-pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo upang ibigin at

paglingkuran ang parating na Panginoon.

B –Salamat sa Diyos!

Pagbubukas ng Ating mga Puso sa Diyos na Darating

Jess P. Balon • Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD

Hindi naghihintay ang Diyos sa katapusan ng mundo para tayo hatulan. Haharapin natin Siya bilang Hukom sa katapusan ng ating buhay, kahit na patuloy sa pagsikat ang araw, at ang iba sa sangkatauhan ay patuloy sa paglasap ng katahimikan. Sa gayong araw (o gabi), makikita natin ang *katapusan ng ating mundo*, ng ating pakikipag-ugnayan sa mga bagay, lugar, at tao.

Kaya nga, ang mahalaga ay hindi “kung” ang mundo nating ito ay matatapos. Tiyak itong magwawakas sa sandaling tyao ay mamatay. Hindi rin “kailan” at “paano” ito matatapos, pagkat di iyan para malaman natin. Sa halip, **ang mahalaga’y kung PAANO natin aabutin ang wakas, alalaong baga’y ano kaya ang disposisyon ng ating kalooban sa pakikipagtagpo natin sa Panginoon sa ating pagkamatay?** Iyan ang pinakamadulang saglit sa ating buhay, pagkat ang ating walang hanggang kapalaran ay depende sa gayong pagtatagpo. Kaya nga, **ang payo ay maging handa at laging magdasal.**

Ang pagiging handa, sa kasong ito, ay di nangangahulugang magbantay sa anumang posibleng paglusob ng mga kalabang panlabas, bagamat nabubuhay tayo sa isang mundong mailap, at ang dakilang araw ay sasapit sa ating parang isang patibong (Lu 21:34). Sa halip, ibig sabihin’y **mag-ingat tayo sa mga panunukso ng demonyo, at sa kasariaang moral** na ipinakilala sa ating buhay ng kasalanang orihinal at mga kasalanan nating personal.

Lahat tayo ay nahaharap sa patuloy na **“paghihimagsik.”** Gayunman, ang pagiging palagiang “alisto” ay di sukat makapigil sa atin. **Inaasahan tayong magkusa at “umasal nang kalugod-lugod sa Diyos,” at magsikap na**


“lalong magpakabuti.” (1 Tes 4:1)

Di madali ang lahat ng ito. Napasok tayo ng isang malakas na kalaban, at tayo ay mahina at sugatan. Lubha nating kailangan ang isang maasahang malakas na kakampi. Ang pananatili niya sa panig natin ay di lamang siyang pinakamabisang pansupil sa “kalaban,” kundi siya ring tulong sa ating “katatagang pansarili.” **Ang Diyos mismo ay siya nating gayong kakampi,** at pagdarasal ang “paraan” ng ating pakikibahagi sa Kanyang lakas.

Sa pamamagitan ng pagbubukas ng ating puso sa panalangin sa Kanya, nakalalapas na tayo ng nagbibigay-buhay na pakikiisang diwa ng kabilang buhay para sa sumasagot ng “OO” sa Kanya. Kung ganyan ang ating magiging disposisyon, kamatayan o ano pa ma’y di natin sukat ikatakot. Sa katunayan, makatatayo tayo’t makahaharap nang taas-noo “sa harap ng Anak ng Tao” (Lu 21:28.36).

Ito nawa ang maging asal natin ngayong Adbiyento sa pagpapatuloy ng ating pakiki-isa sa “Panahon ng Bagong Ebanghelisasyon.”

GET YOUR SPECIAL



“Let Your Light Shine”

2022

**Pocket Planner
& Prayer Book**

Now available at Word & Life Center, Makati



Shopee.ph: wordandlifereligiousstore_2021

Lazada: Word and Life Religious Store



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5241; 8475-8945 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, J. Domingo, M. Vibiesca, V. David, R. Molomog, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua